Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

ng kapulungan ang pagdalo ng mga pangulo/kinatawan ng samahan ng mga magta-tricycle tulad nina:

G. Aguinaldo Geral - ng Barangay Caingin
G. Ricardo Garcia - ng Barangay Aplaya
G. Nominiano Macaraig ng Barangay Sinalhan

at iba pang kinatawan mula sa ibang barangay. Pasumandaling binigyan ng pagkakataon na magsalita ang mga kinatawan na nais magparating ng kahilingan. Sinabi ni G. Aguinaldo na maliit lamang ang kanilang kinikita at marami pang gastusin tulad ng bayad sa paradahan at abuloy ng samahan na Sampung piso sa mga Kagawad ng Pulisya.

Ipinaalam ng Punumbayan na kung tutuusin ay magbabayad lamang ang mga may-ari ng tricycle ng labing-apat na sentimo (₱.14) kada araw na may kabuuang ₱52.00 kada taon.

Hiningi ni Kag. Puzon ang hapag upang ipaliwanag sa mga naandoroong mga humihiling na ang halagang Labing-apat na sentimo (₱.14) kada araw ay napakaliit na halaga kung ikukumpara sa pakinabang na matatamo mula sa pamahalaan tulad ng pagpapa-ayos ng mga daan at pagpapailaw sa mga poste sa mga barangay. Ang tinuran ni Kag. Puzon ay kinatigan ni Kag. Perez.

Matapos pa ang pagsasaalang-alang at pag-aaral sa kahilingan ng mga nabanggit ay pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXVI-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan nina Kag. Tapangco at Kag. Dungao)

IPINASISIYA tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan na susugan ang KAUTUSANG BAYAN BLG. XXVIII-'87 sa pamamagitan ng pag-aalis sa singiling SAMPUNG PISO (₱10.00) "Garage Fee" at ang dating LIMAMPU'T DALAWANG PISO (₱52.00) ay ginagawang may kabuuang APAT NA PU'T DALAWANG PISO (₱42.00) bawa't taon.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 620 - '88
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 23, 1988

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Sa pagpapanibagong paksa ay binuksan ni Punumbayan Gonzales ang suliraning may kinalaman sa mga subdibisyon itinatayo sa Santa Rosa. Sinabi niya na nakakapagtakang napagkakalooban ng Human Settlements Regulatory Commission ang mga "developer" ng "permit to develop" ng walang kaukulang pagtitibay ng Sangguniang Bayan ng pagbabago ng gamit ng lupa upang maging pamahayan.

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad